NUHW
National Union of Healthcare Workers
NUHW.org/covid-19

# COVID-19 HEALTHCARE WORKERS' BILL OF RIGHTS

## 1 PERSONAL PROTECTIVE EQUIPMENT

Ang lahat ng healthcare worker ay may karapatan sa tamang Personal Protective Equipment (PPE). Kung ang mga healthcare facility ay kapos sa PPE, kailangan nilang kumuha ng sapat na supply. Kasama dito ang paghiling sa opisyales ng state, local at federal na gobyerno na dagdagan ang pagkuha at pagpapagawa ng PPE.

## 2 PAGTETEST PARA SA COVID-19

Para bawasan ang paglaganap ng COVID-19 at siguraduhin ang sapat na staffing level, ang mga healthcare facility ay kailangang bigyan ng garantisadong access ang mga manggagawa sa mabilis na point-of-care testing kahit meron o wala silang sintomas ng COVID-19.

## 3 LIGTAS NA LUGAR NA KINATATRABAHUHAN

Ang mga healthcare facility ay kailangang protektahan ang mga manggagawa at pasyente sa pamamagitan ng pagpapasuot ng mask at pagpapasunod sa social distancing ng lahat ng mga bisita at manggagawa. Kailangan din nilang siguraduhin na ang mga engineering control at sistema ng pagpapahangin ay sumusunod sa mga standard para sa pagpigil ng paglaganap ng COVID-19.

## 4 LIGTAS NA STAFFING

Ang pagdagdag-pasok ng mga pasyente na may COVID-19, sabay ang pagkakasakit ng ilang bilang ng mga healthcare worker ay nagpapahirap sa staffing. Ang mga healthcare facility ay kailangang siguraduhing ang staffing level ay sapat para ligtas sa panganib ang mga manggagawa at pasyente.

## 5 WASTONG TRAINING

Ang mga healthcare facility ay kailangang magbigay ng training para sa lahat ng patakaran ukol sa COVID-19 para sa ligtas sa panganib at epektibong pagtatrabaho ng mga healthcare worker. Mga bagong training o refresher ay kailangang agad na ibigay kung may bagong dagdag o may inibang patakaran.

## 6 MENTAL HEALTH CARE

Ang mga healthcare ay humaharap sa mabibigat na sitwasyon, stress, mga hindi tiyak na sitwasyon at trauma sa kinatatrabahuhan, at malaki ang panganib na mahawa. Para matulungan ang mga manggagawa na nakakaranas nito, ang mga healthcare facility ay kailangang magbigay ng access sa libreng high-quality mental healthcare services para sa mga manggagawa.

## 7 PANSAMANTALANG PAMAMAHAY

Ang mga healthcare facility ay kailangang magbigay ng ligtas sa panganib, high quality at malapit na temporaryang pamamahay para sa mga manggagawang nagpapasyang hindi umuwi sa kanilang tahanan upang mabawasan ang pagka-expose nila sa kanilang mga kamag-anak - kasama na dito ang nasa mas mataas na panganib na magka malalang sakit dahil sa COVID-19.

## 8 PAGTATRABAHO SA BAHAY

Kung hindi nito maaapektohan ng masama ang pag-aalaga sa mga pasyente, ang mga healthcare worker ay kailangang payagang magtrabaho mula sa kanilang tahanan, at ang mga healthcare facility ay kailangang aregluhin ang mga gamit at teknoloyihang kakailanganin upang magawa ito ng mainam. Kasama dito ang mental health workers, kung sinong tunay na kinakailangan ngayon.

## 9 INPUT AND ACCOUNTABILITY

Ang mga healthcare worker ay dapat bigyan boses sa pagdedesisyon sa staffing, PPE, mga patakaran sa pag-kontrol ng impeksyon, pagpaplano sa surge, at iba pang mga pagbabago na makakaapekto ng kanilang trabaho. At ang mga manggagawa ay dapat hindi parusahan kapag ipinapaalam ang mga pagkukulang ng ospital.

## 10 PAG-AALAGA PARA SA MGA TAGAPAG-ALAGA

Ang mga caregiver ay kailangan ng karagdagang paid time off upang alagaan ang kanilang sarili o mga kamag-anak, pinag-aasahang pwedeng makakuha ng workers compensation para sa pagkakasakit sa COVID-19, at pagtulong para sa childcare upang makapagpatuloy na magtrabaho sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga rekomendasyong patakaran ng NUHW COVID-19, mangyaring bisitahin ang:

NUHW.org/covid-19